

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Tomo 5 Blg. 2 • Marso-Abril 2017

Anang isang natatanging ginang ng San Jose City

Walang gawaing-lalake ang hindi kayang gawin ng babae sa industriya ng paggagatatan



Kaya ni Erlinda Mercader ang magtabas at magbuhat ng 40 kilogramong Napier nang minsanan, magpurga, at magturok ng gamot sa mga alagang kalabaw.

Ni Chrissalyn Marcelo

Sa panahon ngayon, wala nang hindi kinakaya ang mga babae pagdating sa kahit anong gawain sa iba't-ibang larangan. Tulad halimbawa sa industriya ng paggagatatan na karaniwang pinaniniwalaan na dominado ng kalalakihan.

Pero si Erlinda N. Mercader, 42, ng Zone 1A Barangay San Agustin, San Jose City, Nueva Ecija, ang nagpapatotoo na kayang-kaya rin niyang suungin ang mahirap na gawaing sangkot sa industriyang ito.

“Mas madiskarte pa nga ang mga babae kaysa sa mga lalake,” may pagmamalaking sabi ni Erlinda na isa sa mga magsasakang-maggagatas na ginagabayan ng Philippine Carabao Center (PCC).

Siya’y aktibo sa gawain sa industriyang ito kabalikat ng kanyang asawang si Samuel Mercader, 42, na miyembro rin ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) sa Barangay Sibut, San Jose City mula pa noong 2012.

(Sundan sa p.2)

Mga magsasakang-maggagatas, nagsanay sa paggamit ng alternatibong gatas para sa mga bulo

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Labing-apat na magsasakang-maggagatas ang nakapagtamo kamakailan ng karagdagang-kaalaman ukol sa mga karaniwang problema sa kalusugan at nutrisyon ng hayop at gayundin sa mga pakinabang na hatid ng paggamit ng alternatibong gatas na pansuplemento sa bulo.

Ang mga ito’y sa pamamagitan ng ginanap na pagsasanay sa “Proper Feeding and Management Practices for Raising Buffalo Calves from Birth to Weaning” noong nakaraang Marso 7 sa PCC national headquarters, Science City of Muñoz sa Nueva Ecija.

Ang pagsasanay ay bahagi ng proyektong pinondohan ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD). Ito’y uminog sa paksaing “Development of Feeding Protocols and Practices to Support the Nutritional Requirements of Dairy Buffaloes”.

“Mahalaga ang kaayusan sa pag-aalaga ng mga bulo. Makatutulong ang pagsasanay na ito upang malaman ng mga magsasaka kung kailan ang tamang pagpapalano at pamamahala sa mga bulo sa pamamagitan ng paggamit ng

alternatibong gatas (milk substitute)” ani Dr. Daniel Aquino, project leader at center director ng PCC sa CLSU, sa pagsisimula ng pagsasanay.

Ayon sa kanya, ang paggamit ng alternatibong mapagkukunan ng gatas para sa bulo, tulad ng *milk replacer*, ay isa sa mga estratehiya upang mapataas ang kita ng mga magkabalabaw dahil sa malaki ang matitipid nila sa paraang ito.

“Maaari nang ibenta ng mga maggagatas ang lahat ng naani nilang gatas dahil sa halip na bawasan ito ng dalawang litro para sa bulo ay *milk replacer* na lang ang ibibigay sa kanila. Malaki ring karagdagang

kita ang dalawang litrong gatas na maipagbibili,” dagdag niya.

Base naman sa pahayagan ng Bovine Alliance on Management and Nutrition, ang mataas na kalidad na *milk replacer* para sa bulo, kapag nahalo nang wasto na naaayon sa partikular na sistema ng pagpapalaki ng mga bulo at naipainom nang maayos ay may kaakibat na mga benepisyong sa naggagatas at nag-aalaga. Kabilang sa mga benepisyong ito ang *improved biosecurity*, *calf performance*, at *economics*, anang pahayagan.

(Sundan sa p.2)

Walang gawaing... (mula sa p.1)

Pag-asa sa pagkakalabawan

Ayon kay Erlinda, palibhasa'y mula sila ni Samuel sa mahirap na pamilya ng mga magsasaka, kabi-kabila ang trabahong kanilang ginawa para lamang maitaguyod ang pamilya.

Mula 1986, na kung kailan sila nagpakasal ni Samuel hanggang sa mabiyayaan na ng apat na anak, sari-saring gawain ang kanilang pinasok, gaya ng pagtatanim ng palay sa lupa ng isa nilang kakilala at pag-aalaga ng baboy. Akala nila'y hanggang gayon na lamang ang takbo ng kanilang buhay.

Nakasumpung sila ng pag-asa sa pag-aalaga nila ng isang gatasang kalabaw.

“Taong 2000 nang magsimula kaming mag-alaga ng isang Bulgarian Murrah Buffalo na pagmamay-ari ni Nestor Lazaga, isa sa mga naging benepisyaryo ng PCC sa pagpapaiwi ng kalabaw,” sabi ni Erlinda. “Palibhasa'y ramdam namin na isa pa ito sa maaari naming pagkakitaan, hindi na kami nag-atubili na tanggapin ang alok ni Nestor,” dagdag niya.

Sabi ni Erlinda, 20 porsiyento ng kita mula sa pagbebenta ng gatas ang kanilang kaparte sa kanilang pag-aalaga ng kalabaw.

Napansin nila na malaki ang kita sa paggagatas ng kalabaw. Noon nila napagpasiyahang sumapi sa EPMPC. Si Samuel ang nauna noong 2010 at si Erlinda naman noong 2012.

Pinalad namang nakapasa sila sa mga pagtatasang ginawa ng PCC at sila ay nabiyayaan ng ilang gatasang kalabaw na may lahing Brazillian Murrah nang taong 2010. Ngayon, umabot na sa 30 kalabaw ang kanilang inaalagaan.

Labing-tatlo sa kanilang kalabaw ay inahin. Siyam sa mga ito ang kasalukuyan nilang ginagatasan, apat ang dumalaga, siyam ang bulo at apat ang *junior bull* na nakapaalaga sa kapwa nila magsasaka sa kanilang lugar.

Php54,000 ang karaniwang kita nila sa isang buwan. Umaabot sa 36 litrong gatas pataas ang naani nila sa isang araw na naipagbibili naman nila sa halagang Php50 kada litro sa EPMPC. Umaabot sa Php82,500 kada buwan ang kanilang kita sa panahong nagdadalawang beses sila ng paggagatas sa mga alagang hayop sa isang araw.

“Talagang malaki ang kita sa kalabawan. Sa katunayan, ipinagpapalagay namin na *wallet* 'yong mga inahin naming kalabaw dahil araw-araw ay binibigyan kami nito ng kita samantalang banko naman 'yong mga lalaking bulo namin sapagka't kapag inalagaan at pinalaki namin ito'y tiyak na malaki ang kita kapag ibinenta,” masayang-



Si Erlinda Mercader ay kaagapay ng kanyang asawang si Samuel Mercader sa pakakalabawan, sa kanilang bukid sa San Agustin, San Jose.

masayang sabi ni Erlinda.

Gampaning mga gawain

Ayon kay Erlinda: “Ang pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw ay ginagampanan ko rin na tulad ng ginagawa ng kalalakihan.”

Bilang pagbabahagi, inilahad ni Erlinda ang mga sumusunod:

“Kaya ko rin ang ginagawa ng aking asawa sa manu-manong paggagatas. Ako rin ang namamahala sa paglilinis at paghahanda ng mga kinakailangang gamit tulad ng galon na paglalagyan ng gatas, panalang damit, at iba pa. Maliban dito ay alam ko ring gamitin ang *milking machine* na pahiram sa amin ng kooperatiba. Kung wala ang aking asawa, tulad ng kung siya'y dumadalo sa *seminar*, ako na ang gumagawa sa mga kaukulang gawain sa pagkakalabawan.”

Dagdag pa niya:

“Sa pagpapakain ng kalabaw ay katu-katulong din ako ng aking asawa mula sa paghahakot ng pakain hanggang sa pagpapakain. Kapag kumukuha kami ng *Napier grass*, madalas ay nasa 30 hanggang 40 kilo ng damong pakaing ito ang binubuhat ko nang minsanan para ilagay sa *hand tractor* na ginagamit namin.

“Sa paglilinis ng kulungan, kaya ko ring itulak ang dumi ng kalabaw hanggang sa isang bahagi ng kulungan gamit 'yong pansudsod na gawa sa ginupit na *plastic drum* at kahoy. Pinapala ko ito pagkatapos patungo sa imbakan ng dumi.

Kaya ko ring magsuga at maglilim ng kalabaw tuwing umaga at hapon kapag may ginagawa ang aking asawa.”

Bukod pa rito ay kaya ko ring magpurga at mag-turok ng bitamina sa mga alaga naming hayop katulong ang aking asawa na sumailalim sa isang pagsasanay sa PCC para magkaroon ng ganitong klaseng kaalaman at kakayahan sa pag-aalaga ng kalusugan ng kalabaw.”

Sabi ni Erlinda, ang mga nabanggit niyang gawain ay sa ibabaw ng papel na ginagampanan niya bilang ina ng pamilya.

“Siyempre, bilang isang maybahay at ina, hindi ko pinababayaan ang paglilinis ng bahay, pagluluto at paghuhugas ng platong pinagkainan, pag-aalaga ng mga anak lalo na 'yong mga nasa elementarya pa lamang, at paglalaba ng kanilang mga pinagsuotang damit tatlong beses sa isang linggo,” ani Erlinda.

Mula pa nang nakaraang Agosto, aniya, ginagampanan na rin niya ang gawaing tagaproseso ng mga produktong mula sa gatas ng kalabaw sa kanilang kooperatiba.

“Nagagawa ko ang lahat ng mga ito dahil na rin sa pagnanais kong makatulong sa aking asawa at sa pagtataguyod ng aming pamilya lalo na sa pagpapaaral sa aming apat na anak,” masayang sabi ni Erlinda.

Nasa kolehiyo na sa kasalukuyan ang isa nilang anak at ang tatlo ay nasa *grade school* pa lamang.

“Kaya ngang gawin ng mga babae ang kayang gawin ng mga lalake sa larangan ng pagkakalabawan. Puwedeng sabihing ilaw ng tahanan at kaagapay na haligi ng tahanan ang isang babae basta tama ang pagde-diskarte,” patapos na sabi ni Erlinda..

Mga magsasakang...(mula sa p.1)

Sa kabilang banda, sinabi naman ni PCC executive director Dr. Arnel Del Barrio na ang pagsasagawa ng wastong pamamahala at pagpapakain sa mga alagang hayop ay makababawas sa dami ng bilang ng mga namamatay na bulo.

Ang pagsasanay ay kinapalooban ng talakayan, *workshops*, at aktwal na demonstrasyon kung paano ihalo ang *milk replacer* sa tubig at ang tamang paraan ng pagpapainom nito sa bulo.

“Aktwal na bibisitahin ng *project team* ang mga magsasakang-maggagatas sa kanilang lugar para lubusang maituro sa kanila ang tamang paghahalo at mabantayan ang sistema nila ng pagpapakain. Lubhang mahalaga kasi na masegurong nahahalang mabuti ang *milk replacer* sa tubig bago ibigay sa mga bulo,” paliwanag ni Christian Lacanilao, PCC *science research assistant*.

Dinaluhan ng mga magsasaka mula sa iba't-ibang bayan at munisipalidad sa Nueva Ecija ang pagsasanay. Nakabase ang naging pagpili sa mga kalahok sa kasalukuyang bilang ng kanilang inaalagaang bulo, interes at kapasalahan sa paglahok, at ang kanilang naisin na matuto tungkol sa tamang paraan ng pagpapalakid ng mga bulo.

Pagkatapos ng pagsasanay, ang mga kalahok ay nakatanggap ng *sample* ng *milk replacers* para sa kanilang mga bulo. Ang pagpapainom ay tatagal ng tatlong buwan bago tuluyang awatin..



(Mula sa kaliwa) Sina Mark Herrera, SM City Cabanatuan Mall Manager; Brigida Pili, Department of Trade and Industry Provincial Director; Carolyn del Rosario, Assistant Mall Manager; Joel Ilagan, Assistant Branch Manager; Ricky Velasco, Chief of Staff ng Governor; Elvie Ronquillo, Provincial Small and Medium Enterprise Development Council -NEGP Department Head, at Dr. Peregrino Duran, PCC Scientist I; sa *ceremonial slicing* ng malaking kesong puti.

‘Super-laking’ kesong-puti, itinampok sa *Madrid Fusion* sa SM City

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Isang malaking kesong puti na likha ng Philippine Carabao Center (PCC) ang naging tampok sa mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw na itinanghal sa SM City Cabanatuan.

Ang pambihira ang laking keso, na may habang 118 sentimetro, lapad na 98 sentimetro at may kapal na apat na pulgada, ay ginamitan ng 300 litro ng gatas na iniambag ng apat na kooperatibang inaasistehan ng PCC sa probinsiya. Mga eksperto sa paglikha ng keso na mula sa PCC ang nagtulung-tulong sa paggawa ng produktong ito na maituturing nang “super kesong puti” kung ihahambing sa mga ata-atadong keso na isinasapamilihan.

Ang pagtatanghal ay kaugnay ng kauna-unahang Madrid Fusion: Flavors of the Philippines na isinagawa ng SM Mall sa 17 nitong sangay sa bansa.

Kabilang sa mga kooperatibang nagkaloob ng gatas ay ang Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative, Catalanacan Multi-Purpose Cooperative, Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera Cooperative, at Pulong-Buli Multi-Purpose Cooperative.

Ang pagtatanghal ng nasabing

kesong puti ay naging posible sa pangunguna ng Department of Trade and Industry (DTI)-Nueva Ecija at pakikipagtulungan nito sa PCC, SM City Cabanatuan, at pamahalaang panlalawigan ng Nueva Ecija.

“Makatutulong ang ganitong gawain para masuportahan natin ang adhikain natin na madeklara ang Nueva Ecija bilang ‘Carabao Dairy Capital’ ng Pilipinas. Isang paraan din ito para maipakilala natin ang mga produktong gatas na gawa ng iba’t-ibang kooperatiba dito sa probinsiya at maging ang kadalubhasaan ng ating mga local chef,” ani DTI Provincial Director Brigida Pili.

Ayon sa kanya, ang layunin sa likod ng hangarin na maideklara ang probinsiya bilang ‘Carabao Dairy Capital’ ng Pilipinas ay para makahikayat ng mga posibleng mamumuhunan, mga negosyante, at mga mamimili na ituan ang kanilang pansin na malago nang industriya ng pagkabalabawan at paglikha at pagbebenta ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

Ang Nueva Ecija ay nananatili bilang pangunahing probinsiyang may pinakamaraming ani ng palay sa buong bansa. Mula taong 1920,

nakamit na nito ang titulong “Bangan ng Palay ng Pilipinas o “Rice Granary of the Philippines”. Ang pagdaragdag ng isa pang titulong “Carabao Dairy Capital of the Philippines” ay isa pang katangian ng lalawigan na mahirap pantayan.

Sa “Madrid Fusion Flavors of the Philippines” na pagtatanghal ng SM, nasaksikhan sa mga sangay nito ang iba’t-ibang kaugalian at tradisyon ng mga Pilipino sa pagluluto at ang mga product innovations na isinagawa ng mga nagsipagtanghal.

Naging bahagi pa rin ng nasabing selebrasyon sa SM City sa Cabanatuan ang seremonya sa pag-aatado ng kesong puti at pagpapakita ng paraan ng pagluluto ng mga kilalang local chefs gamit ang gatas ng kalabaw bilang pangunahing sangkap sa kanilang mga produkto, tulad ng leche flan.

Nagkaroon din ng tatlong araw na trade fair para sa mga produktong gatas na gawa ng iba’t-ibang kooperatiba sa probinsiya.

“Sobrang saya namin na maging bahagi kami ng ‘di-malilimutang pangyayaring ito sa ating probinsiya. Sa lahat ng mga dairy cooperatives dito sa Nueva Ecija, isang karangalan para sa amin na

maging isa sa mga kooperatibang nagkaloob ng kinailangang gatas ng kalabaw para maging matagumpay ang pagdiriwang na ito,” may pagmamalaking sabi ni Michael Pascual, chairman ng Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera Cooperative.

Kanyang idinagdag na hindi nila pinanghihinayangan ang ipinagkaloob nilang 50 litrong gatas ng kalabaw para sa paggawa ng nasabing malaking kesong puti.

Kabilang sa mga espesyal na panauhing dumalo sa okasyon ay sina Direktor Pili, PCC Scientist Dr. Peregrino Duran, Provincial Cooperative Entrepreneurship Development Office head Elvie Ronquillo na naging kinatawan ng gobernadora ng lalawigan, Governor’s chief of staff Ricky Velasco, SM City Cabanatuan Manager Mark Carlo Herrera, at SM store assistant branch managers Joel Ilagan at Carolyn del Rosario.

Dumalo rin ang mga piling kawani mula sa PCC at DTI, mga magsasakang-maggagatas, negosyante, at miyembro ng Provincial Small and Medium Enterprise Development Council sa nasabing okasyon.

Magandang kinabukasan sa bukid

Ni Mervalyn O. Tomas

Mga bata pa lang sina Nymrod at Peter ay nakagiliwan na nilang tulungan ang kanilang amang si Rogie Flauta sa pag-aalaga ng kalabaw at sa iba pang gawaing bukid gaya ng pagpapalayan at pagtatanim ng iba't ibang gulay.

Ang lupaing sinasaka nila sa Barangay Pesa sa bayan ng Bongabon, Nueva Ecija ay nasa limang ektarya. Sariling lupa ito ng kanilang tatay at may higit isang kilometro ang layo nito sa kanilang bahay.

Naaalala ni Nymrod, ngayo'y 26 na, na noong bata pa sila ay tuwang-tuwa sila sa pagsakay sa kalabaw mula sa kanilang bahay papunta sa kanilang bukid. Lumaki sila na ang pagkakalabawan, paggugulayan at pagpapalayan ang kanilang kabuhayan.

"Hindi ko inisip kailanman na ayawan ang pagkakalabawan at iba pang gawain sa bukid. Noon pa man ay natutuwa na akong tumulong sa aking ama sa kanyang mga gawain," sabi ni Nymrod.

Lalo niyang pinag-igi ang pagkakalabawan nang siya'y magkapamilya. Bumili siya ng isang kalabaw at ito ay ginagatasan niya. Mula sa isa, ito'y naging apat at ninanais niya ngayon na madagdagan pa ang mga ito.

Ang kanyang nakababatang kapatid naman na si Peter ay may sarili ring kalabaw. Sa edad nitong 25

ay wala pang pamilya at nakatuon din ang kanyang pangarap na paunlarin pa ang kanyang pagkakalabawan.

Kabataan at agrikultura

Gasgas man kung ituring, subali't ang pamosong katagang "Kabataan ang pag-asa ng bayan" ay nananatiling katotohanan.

Dahil ang agrikultura ang itinuturing na gulugod ng ekonomiya ng bansa, kailangang kumilos ang mga kabataan upang mapaunlad ang agrikultura at mapunan nito ang pangangailangan ng bansa.

Malaking hamon sa bansa ang ulat mula sa Philippine Statistics Authority (PSA) na nagpapatotoong ang karaniwang edad ngayon ng mga magsasakang Pilipino ay 57 na ang ibig sabih'y papatanda nang tunay ang karamihan sa mga ito.

Dagdag pa rito, iniulat ng International Labor Organization na pinakahuli ang sektor ng agrikultura sa industriyang gustong subukan ng mga kabataan.

Sa Pilipinas, anang mga pagsusuri, mas pinipili ng mga kabataan ang lumuwis sa lungsod kaysa manatili sa kanayunan at pagyamanin ang agrikultura doon.

"Para sa mga kabataan, walang maipagmamalaki at gaanong dignidad sa pagsasaka. Hindi ito matatag na trabaho at mababa ang kita dito," sabi sa ulat ng Asian



Si Nymrod Flauta, edad 26, ay nangangarap at patuloy na gumagawa ng paraan upang mapaunlad ang kanyang pagkakalabawan sa Pesa, Bongabon.

Farmers' Association (AFA).

Sa lumalaking populasyon ng bansa, lalong tumataas ang dami ng mga kabataang walang trabaho. Ayon sa datos mula sa PSA na ipinalabas noong Disyembre 2016, nasa 5.5 porsiyento ang *unemployment rate* sa bansa. Ito ay nasa 2.4 milyon ang bilang at 77 porsiyento sa mga ito ay kabataan.

Kabataan at pagkakalabawan

Sa kabilang dako, kapansin-pansin sa Philippine Carabao Center (PCC) ang unti-unting pagdami ng mga kabataang nagiging interesado sa pagsasanay para sa pagkakalabawan. Kabilang na nga rito sina Nymrod at Peter.

"Nakikita ng mga kabataang ito ang kainaman ng pagkakalabawan. Na-eengganyo sila sa nakikita nilang ginagawa ng kanilang mga magulang," sabi ni Wilma del Rosario, National Impact Zone (NIZ) Coordinator ng PCC.

Sa datos ng NIZ, 33 porsiyento ang mga kabataang sumali sa mga pagsasanay na isinagawa nila noong 2016. Ang mga ito ay nasa edad 18 hanggang 30. Ayon sa Youth in Nation-Building Act (RA 8044), ang edad ng mga Pilipinong itinuturing na kabataan ay 15 hanggang 30.

"Sa mga huling isinagawang

pagsasanay, nakita namin na ang mga kabataan ay nagiging interesado pang pagyamanin ang agrikultura sa kani-kanilang nayon. Nakita siguro nila na hindi na nila kailangang makipagsiksikan sa lungsod at makipag-agawan sa mga trabaho doon," dagdag ni del Rosario.

Makikita dito, aniya, ang tagumpay ng mga programa ng PCC sa pagpapataas ng kita ng mga magsasaka sa industriya ng pagkakalabawan. Nahikayat din ang mga kabataang madalas tumanggi sa mga gawaing pambukid dahil nakita nilang malaki ang kita sa negosyong ito, dagdag pa niya.

Para kay Nymrod, napakalaking bagay ang pagsasaka sa pag-abot ng magandang kinabukasan ng kanyang dalawang maliliit pang anak. Dito niya kinukuha ang pagpapaaral niya sa mga ito. Umaasa siya na ang tuwang nararamdaman ng mga ito kapag pinasasakay niya sa kanilang kalabaw, gaya ng naramdaman niya noong bata pa siya, ay mananatili hanggang sa paglaki ng mga ito.

"Sana ay mapahalagahan din nila ang pagbubukid at matuto silang pangalagaan ang kabuhayang bubuhay at magdadala sa kanila sa pag-abot ng kanilang mga pangarap," sabi ni Nymrod.



Si Peter Flauta, edad 25, katulad ng kanyang kuya Nymrod, ay nangangarap at nagbabantat ng buto upang maparami pa ang kanyang gatasang kalabaw.

NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center, isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 ISO 14001 OHSAS 18001

Eric P. Palacpac

Patnugot

Chrissalyn L. Marcelo

Tagapamahala ng Sirkulasyon

Mervalyn O. Tomas

Tagapamahalang Patnugot/ Layout

Eric P. Palacpac

Wilma T. del Rosario
Mga Tagapayo

Ma. Cecilia C. Irang
Chrissalyn L. Marcelo
Mervalyn O. Tomas

Mga Manunulat

Anselmo S. Roque
Kasangguni

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap